# Mga Katanungan Suporta sa pang-araw-araw na Pamumuhay (Gifu Prefecture Regional Welfare Division)

**＜Q1＞**

**Sa kasalukuyan ay wala po akong trabaho.Ginagawa ko ang aktibidad na paghahanap ng trabaho ngunit walang trabaho.Wala akong savings o naipon, at wala din akong kinikita para sa pang-araw-araw na kabuhayan. Mayroong bang tanggapan na maaari akong komunsulta?**

**＜A1＞**

Komunsulta sa welfare division ng munisipyo para sa mga residente ng lunsod (city), at para sa mga residente ng bayan (cho) o kaya nayon (mura) ay komunsulta sa welfare division ng Prefecture Promotion Bureau o kaya sa Prefecture Promotion Office.

**＜Q2＞**

**Maaari din bang tumanggap ng suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay ang mga dayuhang mamamayan sa prepektura?**

**＜A2＞**

Ang mga dayuhan na mayroong uri ng visa na tulad ng permanent residence o kaya asawa ng isang Japanese national ay maaaring tumanggap ng suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay (seikatsu hogo). Mangyaring komunsulta sa tanggapan ng munisipalidad na iyong tinitirahan na nakatala sa iyong Residence Card.

**＜Q3＞**

**Pagkatapos ng aplikasyon, gaano katagal bago magsimula ang pagtanggap ng suporta sa pang-araw-araw ng pamumuhay (seikatsu hogo)?**

**＜A3＞**

Hindi maaaring makatanggap kaagad ng suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay kahit na nakapag-apply ka para sa suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay, mayroong posibilidad na ito ay tatagal ng 30 araw.

**＜Q4＞**

**Hanggang kailan maaaring tumanggap ng suporta sa pang-araw-araw na pamumhay?**

**＜A4＞**

Matitigil ang pagtanggap ng suporta kapag lumagpas o hindi ka na qualified sa mga kondisyon sa pagtanggap ng suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay. Halimbawa, kapag nakahanap ka ng trabaho at ang iyong kinikita ay higit pa sa halaga ng tinatanggap mo sa suporta.

**＜Q5＞**

**Ano po ba ang ibig sabihin nang sinabihan ako sa panahon ng aplikasyon ko ng suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay na tatawagan nila o makikipag-ugnayan sila sa mga kapamilya o kamag-anak?**

**＜A5＞**

Kung ang aplikante ng suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay ay mayroong pananagutan na suportahan ang kaniyang magulang ,anak, mga kapatid atbp.,ay kinakailangang imbestigahan kung ito ay maaaring tumanggap ng pinansyal na tulong o hindi.Ngayon, kung sakaling mayroong mga kaso na dumaranas ng pang-aabuso ay mangyaring banggitin o sabihin.

**＜Q6＞**

**Kinakailangan bang bitiwan o ipatapon ang aking sasakyan para tumanggap ng suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay?**

**＜A6＞**

Sa prinsipyo, kailangan mong itapon ang iyong sasakyan, ngunit depende sa kalagayan, tulad ng kapag ang isang taong may kapansanan ay gumagamit nito para sa pag-commute, o kapag ang isang taong nakatira sa isang lugar kung saan ang pampublikong transportasyon ay lubhang mahirap gamitin, atbp. Mangyaring kumonsulta sa tanggapan ng welfare na may hurisdiksyon sa iyong lugar na tinitirhan.

**＜Q7＞**

**Maaari bang gumamit ng aircon at cellphone ?**

**＜A7＞**

Bagama't posibleng magkaroon ng mobile phone (cp), walang reimbursement para sa mga gastos sa pagbili o pagpapanatili nito. Pakitandaan na ang mga gastos sa pag-install para sa mga air conditioner ay maaaring bayaran lamang sa kaso ng bagong proteksyon, kaya mangyaring makipag-ugnayan sa welfare office na may hurisdiksyon sa lugar kung saan ka nakatira.